ISSN 2619-6786

# CaraBalitaan

Opisyal na tagapamansag ng Philippine Carabao Center para sa National at Regional Impact Zones
Science City of Muñoz, Nueva Ecija | Tomo 6 Blg. 1 | Enero-Marso 2024

www.pcc.gov.ph
DA-Philippine Carabao Center
oed@pcc.gov.ph



Mga magsasakang Cebuano, nagtapos ng Eskwelahan sa Himpapawid sa Dairy Buffalo Prod'n 4




2 bagong Dairy Box sa Davao Region, hatid ang mas malawak na carapreneurship sa mga Davaoeño 6

# DA-PCC sa CMU, 'Kalambuan' awardee ng DSWD Field Office X

Nina **Jeson Candole** at **Alchem Daluniag**

***DA-PCC sa CMU-Kinilala bilang Kalambuan Awardee ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) Field Office X ang DA-Philippine Carabao Center sa Central Mindanao University (DA-PCC sa CMU) dahil sa kontribusyon nito sa pagpapanatili ng kahusayan sa pagsisilbi sa mga kliyente mula Hilagang Mindanao.***

*Sundan sa p.2*




***#TATAKPCC.*** *Muling nagpakitang gilas ang DA-PCC ng kanyang kulturang #TatakPCC matapos kilalanin ang isa sa pangrehiyong tanggapan nito sa DA-PCC sa CMU dahil sa mahusay nitong serbisyo.*

## AI tech sa Rehiyon IX, X, CARAGA nagtakda na makamit ang mataas na reproductive efficiency

Ni **Jeson C. Candole**

***DA-PCC sa CMU- . Binansagang "Carabull," ang batch ng mga bagong nagtapos sa isinagawang Intensified Reproductive Management Program Towards Improving Reproductive Efficiency in Water Buffaloes Training sa sa Musuan, Maramag, Bukidnon noong Pebrero 5-23, 2024.***

Sampung trainees ang matagumpay na nakatapos ng pagsasanay na layuning mapalawak at mapahusay ang kanilang mga kasanayan at kaalaman sa AI. Haharap ang mga bagong tekniko sa hamon ng pagpapahusay at pagpapataas ng Artificial Insemination (AI) efficiency sa isla ng Mindanao.

Ayon kay Dr. Lowell Paraguas, Center Director ng DA-PCC sa CMU, isa sa mga estratehiya ng ahensya ang

*Sundan sa p.4*

## Mabilis, modernong teknolohiya para sa mas epektibong kalabawan sa Region 2, CAR

Ni **Steven Marx Tangonan**

***DA-PCCNGP – Sa pag-unlad ng teknolohiya, mas lalong umiigting ang kakayahan ng sektor ng agrikultura na magbigay ng mataas na kalidad na serbisyo sa ating mga magsasaka. Isa sa mga halimbawa ng ganitong kahusayan ay ang DA-Philippine Carabao Center (DA-PCC).***

Sa patuloy nitong layunin na mapabuti ang kalagayan ng mga magsasaka, patuloy na nagsusumikap ang DA-PCC na makasabay sa pag-usbong ng teknolohiya. Isa sa mga halimbawa nito ay ang paggamit ng Digital Veterinary Ultrasound Scanner.

Ang bagong teknolohiyang ito ay nagbubukas ng mas mabilis at epektibong paraan ng pagsusuri ng pagbubuntis sa mga kalabaw. Isang malaking tulong ito para sa mga magsasaka sa Region 2 at Cordillera Administrative Region (CAR).

Sa tradisyonal na paraan ng pagsusuri ng pagbubuntis, maaaring tumagal ng dalawa hanggang tatlong buwan

*Sundan sa p.3*

# Mahigit 37K na estudyanteng malnourished, sasailalim sa Milk Feeding Program sa Region X, CARAGA

Ni **Jeson C. Candole**

***DA-PCC at CMU- Inaasahan na makakakuha ng benepisyo ang 37,720 na mga undernourished pupils mula Kindergarten hanggang Grade 6 sa loob ng 43-araw na milk feeding program sa mga piling Schools Division Offices (SDO) sa Region X at CARAGA. Itinakda ang programa mula Marso hanggang Hulyo 2024.***

Isinagawa ang School-Based Milk Feeding Suppliers' Meeting sa DA-Philippine Carabao Center sa Central Mindanao University (DA-PCC at CMU) Training Center sa Musuan, Maramag, Bukidnon noong Enero 30-31. Pinagtuunan ng pansin dito ang School-based Milk Feeding Program (SBFP) para sa School Year 2023-2024.

Apat na Community Social Organized Groups (CSG) sa ilalim ng pamumuno ng DA-PCC sa CMU ang magsusuplay para sa SBFP, kabilang ang Don Carlos Buffalo Dairy Cooperative (DCBDC), Oro Integrated Cooperative (OIC), Caraga State University (CarSU), at El Pasyalan Dairy Farm.

Makatatanggap araw-araw ng 200 ml pasteurized carabao's milk sa loob ng 43 araw ang bawat benepisyaryo. Saklaw nito ang 9 na Schools Division Office sa 2 rehiyon tulad ng: Bukidnon, Misamis Occidental, Oroquieta City, Ozamis City, Tangub City, Agusan del Norte, Agusan del Sur, Surigao del Sur, at Surigao del Norte na umabot sa PHP 29,209,965.00 ang badyet para sa programa.

Sinabi ni Dr. Lowell Paraguas, center director ng DA-PCC sa CMU, na ang pakikipagsapalaran na ito ay upang suportahan ang mga lokal na magsasaka at mapataas ang antas ng kanilang pamumuhay. Layunin din nito ang pagprotekta sa mga bata mula sa malnutrisyon.

Nagpasalamat si Kilian Deveza, business development officer ng Oro Integrated Cooperative (OIC), sa suporta mula sa DA-PCC sa CMU. Tiniyak niyang mananatiling tapat ang kanilang kooperatiba sa pagtulong sa mga dairy farmers sa buong value-chain approach.




"Pinapasalamatan at pinahahalagahan namin ang pagsisikap ng DA-PCC. Mas lalo pa kaming na-inspire at tutupad sa aming tungkulin bilang isang kooperatiba," dagdag ni Deveza.

Tinalakay ni Dr. Elena Paraguas, Carabao-based Enterprise Development Coordinator, ang DepEd Order number 2021-031 at mga advisory nito sa pagpapatupad ng School-Based Feeding Program Guidelines 2023-2024.

Binigyang-diin niya ang kahalagahan sa pagsunod sa pasteurized milk specifications at Food Safety Standard na itinakda ng Department of Education (DepEd).

Dumalo rin sa aktibidad ang mga quality control officers, managers, at iba pang pangunahing staff ng DA-PCC at CMU.

# DA-PCC sa CMU, 'Kalambuan' awardee...

*Mula sa p.1*

Ang nasabing pagkilala ay naglalayong magbigay-pugay sa hindi matatawarang suporta ng iba't ibang ahensya at indibidwal na may malaking ambag sa pagpapanatili at pagsuporta sa misyon ng DSWD na magbigay ng mahahalagang programa at serbisyo upang mapabuti ang kalagayan ng mga mamamayan sa komunidad.

Pinuri ni Ramel Jamen, regional director ng DSWD-Field Office X, ang mga naging kaagapay na institusyon sa kanilang patuloy at walang sawang pakikipagtulungan at koordinasyon, na siyang isa sa mga daan sa matagumpay na pagpapatupad sa iba`t ibang programa at  inisyatibo ng kagawaran ang nasabing awarding na ginanap sa Chali Beach Resort, Cagayan de Oro City noong Marso 13, 2024.

"Ang kanilang mga pagsisikap ang siyang nagpaigting ng samahan sa pagitan ng pampubliko at pribadong sektor at naging daan para sa makabagong solusyon upang bigyang-pansin at maisakatuparan ang mga pangangailangan ng komunidad," dagdag ni Jamen.

Nagpaabot naman ng pasasalamat ang Carabao-Based Enterprise Development coordinator ng ahensya na si Dr. Elena Paraguas sa ibinahaging suporta ng DSWD X sa pagpapatupad ng social welfare and development program lalo na ang Enhanced Partnership Against Hunger and Poverty (EPAHP).

Binigyang-diin niya ang kahalagahan ng kanilang sama-samang pagsisikap sa pagkamit ng mga layunin ng ahensya upang lumikha ng pangmatagalang positibong pagbabago sa rehiyon.



# Inobasyon, kolaborasyon sa industriya ng pagkakalabawan, sentro ng adhikain ng bagong direktor ng DA-PCC sa USM

Nina **Rodolfo T. Valdez Jr**
at **Aravila Demon**

***DA-PCC sa USM- "Paunlarin natin ang DA-PCC sa University of Southern Mindanao (DA-PCC sa USM) sa pamamagitan ng inobasyon at kolaborasyon," ito ang pangunahing adhikain ni Dr. Geoffray R. Atok, ang bagong itinalagang center director ng DA-PCC sa USM.***

Makabuluhan para sa ahensya ang paghirang kay Direktor Atok bilang center director ng DA-PCC sa USM at sa kanilang mga kliyente dahil sa kanyang ekspertise at karanasan sa sektor ng agrikultura at pananaliksik. Sa kanyang mga pahayag, ipinakita ni Direktor Atok ang kahalagahan ng inobasyon at kolaborasyon upang mapaunlad ang DA-PCC sa USM.

"Gagamitin natin ang mga produkto at by-products mula sa kalabaw upang mapalago ang kita ng ating mga magsasaka at komunidad. Isusulong natin ang kalabaw bilang instrumento sa pagpapaunlad ng kapayapaan," ani Atok.

Nilinaw ni Direktor Atok ang mga makabagong ideya upang makamit ang Value-creation for Improved Productivity, Profitability and Sustainability (VIPPS) ng center, na kasama ang layuning ito sa Ambisyon Natin 2040 na naglalayong magkaroon ng matatag, maginhawa, at panatag na pamumuhay para sa mga carapreneur.

Aniya, "Tayo ay maghahatid ng mahusay na serbisyo at magtatrabaho nang maayos sa tulong ng kooperasyon at pagkakaisa sa mga magsasaka, LGU, kooperatiba, ahensya ng gobyerno, at iba pang mga institusyong pang-akademiko, lalo na ang USM, ang tahanan ng DA-PCC sa rehiyong ito."

Higit dito, binigyang-pansin ni Direktor Atok ang moral na integridad, pagkakaisa sa kabila ng pagkakaiba-iba, at positibong pagtugon sa mga isyu at hamon.

"Sama-sama nating itaguyod ang bisyon at misyon ng DA-PCC sa matibay nitong adbokasiya na ang kalabaw ay magiging pangunahing pangkabuhayan, pinagkukunan ng gatas, karne, at iba pa," dagdag ni Atok.




Para naman sa mga kaakibat na mga magsasaka, iginiit naman ni Atok ang importansya ng pagkakaroon ng matibay na kaugnayan ng bawat isa. Para sa mga kasosyong carapreneur, iginiit ni Atok ang kahalagahan ng matatag na ugnayan.

"Sa ating mga kasosyong carapreneur, mahalaga ang tamang pananaw at pagkakaisa upang mapaunlad ang industriya ng dairy carabao. Tayo ay humaharap sa mga pagkakataon at hamon na nagpapayaman sa kultura ng bukas na kaisipan, bayanihan, at katatagan," pahayag niya.

Nakapagtapos si Atok ng kursong Bachelor of Science degree in Animal Science noong 1993, Master's degree in Animal Science noong 2008, at Doctorate degree in Agri-Sciences major in Animal Sciences noong 2013 sa USM. Bukod sa kanyang pagiging center director, si Atok ay Associate Professor IV sa USM.

# DA-PCC sa CMU, may LTO na silang inisyatiba sa food safety

Nina **Jeson C. Candole**
at **Evan Jay P. Silverio**

***DA-PCC sa CMU- May License to Operate (LTO) na ang dairy farm at milk collection center ng DA-PCC sa CMU mula sa National Dairy Authority (NDA)!***

Ang LTO ay tumutukoy sa dokumentong iniisyu ng NDA sa mga dairy farms at milk collection centers na naka-enroll at na-certify alinsunod sa Dairy Regulations.

Ito ay bahagi ng kanilang tungkulin na ipatupad ng Seksyon 16 ng Republic Act No. 10611 o mas kilala bilang Food Safety Act of 2013.

Ayon kay Dr. Lowell Paraguas, center director ng DA-PCC sa CMU, ang dairy farm sa center ay mayroong humigit-kumulang sa 300 na populasyon ng kalabaw na nagpoproduce ng higit sa isang daang litro ng sariwang gatas araw-araw.

"Mas pinapalawak pa natin ang ating institutional herd upang mas mapagsilbihan natin ang buong lalawigan ng Bukidnon, at sa iba pang mga kliyente mula sa mga kalapit na probinsya,s" dagdag ni Dr. Paraguas.

Matapos ang masusing pagsusuri ng NDA, nakamit na ng DA-PCC sa CMU ang LTO bilang dairy business operator mula sa NDA.

Sinabi ni Dr. Elena Paraguas, coordinator ng CBED sa DA-PCC sa CMU, na ito ang unang pagkakataon na nag-apply ang kanilang sentro para sa lisensya. "Ang karamihan sa produksyon ng dairy farm ay sumusuporta sa one stop shop ng Bukidnon Dairy Store at mga programa sa milk feeding ng iba't ibang ahensya na tumutugon sa malnutrisyon ng mga bata," sabi ni Dr. Paraguas.

Ipinahayag ni Vicenta Canatoy, coordinator ng Genetic Improvement Program, na ang dairy farm ay patuloy na magpaparami ng mga hayop at produksyon ng gatas, habang pinananatili ang pagiging epektibo ng kanilang operasyon.

"Kami ay kumikilos na may layunin na mapanatili ang sertipikasyong ito ayon sa mga pamantayan na itinakda ng NDA para sa tamang pagpapatupad ng mga operasyon ng dairy farm," dagdag niya.



# Mabilis, modernong teknolohiya...

*Mula sa p.1*

bago makumpirma ang pagbubuntis ng kalabaw. Ngunit sa tulong ng Digital Veterinary Ultrasound Scanner, agad na natutukoy ang pagbubuntis nito, na nagbibigay-daan sa agarang pagtugon sa kanilang mga pangangailangan.

Ang pagtanggap ng ganitong teknolohiya ay magdudulot hindi lamang ng solusyon kundi pati na rin ng modernisasyon sa sektor ng kalabawan. Ipinapakita nito kung paano ang pagsasanib ng tradisyon at teknolohiya ay nagbubukas ng mas malawak na oportunidad para sa mga magsasaka. Ito ay isa sa mga hakbang patungo sa pangarap na masiguro ang masaganang pamumuhay at kabuhayan para sa ating mga magsasaka sa Region 2 at CAR.

# Mga magsasakang Cebuano, nagtapos ng Eskwelahan sa Himpapawid sa Dairy Buffalo Prod'n

Ni **Leinefe L. Aton**

***DA-PCC sa USF -Nagdiwang ang mga magsasaka sa hilagang bahagi ng Cebu sa pagtatapos ng 230 indibidwal mula sa programang Eskwelahan sa Kahanginan (School-on-the-Air): Radio Broadcast on Dairy Buffalo Production na ginanap noong Enero 22, 2024 sa Cebu Technological University (CTU)-Tuburan.***

Isinasagawa ang programa sa pakikipagtulungan ng CTU-Tuburan, DA-Philippine Carabao Center, Ubay Stock Farm, at First Consolidated Cooperative Along Tañon Seaboards (FCCT).

Ang School-on-the-Air (SOA) ay binubuo ng 16 sesyon na nai-broadcast sa "Bulawanong Tinubdan" (BT) radio sa 98.1 MHz mula alas 5:00 hanggang 6:00 ng hapon ng Martes. Ang kurikulum ay sumasaklaw sa buffalo management, nutrition, breeding, milking procedures, milk handling, quality testing, carabao-based enterprises, at financial management.

Ipinaabot ni Engr. Naomi Bajao, project leader sa CTU-Tuburan, ang kanyang pasasalamat para sa katuparan ng programa.

"Malaki ang tulong ng radyo sa paghahatid ng mga programa sa ating mga magsasaka," ani Bajao.

Kinilala rin ni Dr. Carla Y. Abaquita, director ng CTU-Tuburan campus ang naging papel ng unibersidad sa pagpapalawak ng mga teknolohiyang may kaugnayan sa agrikultura at mga magsasaka sa pamamagitan ng kanilang BT Radio Extension and Technology Transfer (BEATT) program, kung saan nakaangkla ang SOA.

Pinuri ni Dr. Maria Dinah Loculan, center director ng DA-PCC sa USF ang mga magsasaka dahil matiyagang natapos nila ang 16 sesyon. Binigyang-diin niya na sa proseso ng pag-aaral, maaaring magbigay ng kasanayan ang isang mag-aaral. Ibinahagi rin niya ang kanyang pag-asa na gagamitin ng mga magsasaka ang kanilang natutunan sa kanilang kabuhayan.

Sa kanyang inspirasyonal na mensahe, binigyang-diin ni Magdaleno Bargamento, chief executive ng FCCT ang layunin ng kooperatiba na suportahan ang pambansang pamahalaan para sa seguridad sa pagkain.

"Nagpapasalamat ako na nakikipag-ugnayan tayo sa DA-PCC dahil malaki ang kanilang naitulong sa atin para simulan ang paggatas at sa pakikipagpartner sa FCCT upang mas marami ang mga magsasaka na makaalam tungkol sa mga teknolohiya," ani Bargamento.




Ibinahagi ni Egino Parone, 15-taong gulang mula sa Gimama-a, Tuburan, Cebu, kung paano nakatulong ang paggatas sa kabuhayan ng kanyang pamilya. Bukod sa pagtulong nito sa kabuhayan ng kanyang mga magulang, nakatulong din ito sa kanya upang maging produktibo at iwasan ang pagkaadik sa mga gadget.

Ipinaabot ni Dr. Eric P. Palacpac, chief ng Knowledge Management Division ng DA-PCC, ang kanyang pagbati sa mga nagtapos at mga facilitators para sa matagumpay na pagpapatupad ng programa.

Hinimok niya ang mga magsasaka na ang kanilang paglalakbay sa paggatas ay nagsisimula pa lamang.

Ang 166 sa mga nagtapos ng SOA ay mula sa munisipalidad ng Tuburan, Cebu, 43 mula sa Tabuelan, 12 mula sa Medellin, lima mula sa Asturias, dalawa mula sa Daan Bantayan, isa mula sa Balamban, at isa mula sa Bogo.

Ang mga nagtapos na naroon sa seremonya ay tumanggap ng suportang pam-produksyon tulad ng mga rubber boots, silage bags, mga balde, paron, at mga mineral supplements para sa mga hayop sa pamamagitan ng isang raffle.

# Programang pagkakalabawan sa ilalim ng DSWD-SLP, isinulong sa Bani, Pangasinan

Ni **Maximo Peralta Jr.**

***DA-PCC sa DMMMSU- Nilagdaan ang Memorandum of Agreement para sa Sustainable Livelihood Program (SLP) sa unang pagpupulong ng DA-PCC, DSWD, LGU-Bani, at iba pang mga katuwang na ahensya sa bayan ng Bani, Pangasinan noong Pebrero 20, 2024.***

Tungo sa epektibong pagpapatupad ng proyekto, napagkasunduan ang gatasang kalabaw bilang pangunahing proyekto para sa higit dalawang-daan na benepisyaryo ng 4Ps.

Ayon kay Paul Andrew Texon, head of operations ng DA-PCC sa DMMMSU, ang regional center ay nag-alok ng mga potensyal na interbensyon na magpapalakas sa proyekto.

"Nilagay natin sa MOA yung mga pwede nating counterpart such as training on dairy buffalo management, milk handling and processing, at AI," aniya.

Bukod sa pondo mula sa DSWD para sa pangangalaga sa mga kalabaw, mayroon ding pribadong mamumuhunan na maglalaan ng karagdagang bilang ng mga hayop at 13 ektarya ng lupa na gagamitin bilang housing facility at pastulan ng mga kalabaw.

Sa kabilang banda, maglalaan naman ang bayan ng Bani sa pangunguna ni Mayor Facundo Palafox Jr. ng pondo para sa pagpapatayo ng bahay para sa mga kalabaw.

Ang proyektong GK3K ay inisyatiba ng DSWD kung saan ang DA-PCC ay katuwang upang ihanda ang mga benepisyaryo para sa industriya ng paggatas ng kalabaw.

Kasama sa mga dumalo sa nasabing pagpupulong ay ang councilor ng bayan, chair of social welfare and tourism, representatives' ng LGU-MAO-MSWD-Bani, Department of Social Welfare and Development –Field Office 1, Department of Trade and Industry, Cooperative Development Authority, at Department of Agriculture – Regional Field Office 1.

# AI tech sa Rehiyon IX, X, CARAGA nagtakda...

*Mula sa p.1*

advance AI training upang mapataas ang kahusayan sa pagdami ng mga kalabaw sa buong bansa. Bilang suporta, patuloy ang pagsasanay sa mga private village-based AI technicians (VBAITs) mula sa mga kooperatiba, gayundin ang mga technician ng local government units (LGUs) at DA-Regional Field Offices (DA-RFO) upang makamit ang mga layunin nito.
"Ang hamon ngayon ay nasa mga sinanay na technician. Ang tagumpay ng programa ay nakasalalay sa pagpapahusay natin

# Pagsasanay sa food safety, pinaigting sa DA-PCC sa CMU

Ni **Jeson Candole**

***DA-PCC sa CMU- "Bukod sa alalahanin ang kaginhawaan at seguridad ng mga empleyado sa trabaho, mahalaga rin ang kaligtasan ng pagkain dahil maaaring makaapekto ito sa kalusugan ng mga mamimili at makakaapekto sa mga negosyong salig sa mga pagkain."***



Ito ang naging pambungad na pahayag ng DA-Philippine Carabao Center sa Central Mindanao University (DA-PCC sa CMU) Center Director, Dr. Lowell Paraguas sa pagsasagawa ng Industrial Hygiene at Food Safety Seminar na ginanap sa Training Hall, Musuan, Maramag, Bukidnon noong Pebrero 5 at 12, 2024.

Pinangunahan ni Dr. Evangeline Revilla, municipal health officer ng Maramag, Bukidnon ang pagsasanay na layuning mabawasan at maiwasan ang mga panganib sa lugar ng trabaho at makamit ang layuning magbigay ng ligtas na pagkain at masiguro ang mahusay na mga kasanayan sa pagmamanupaktura.

Ayon kay Anavieve Rabilis, sanitation inspector III, isinagawa ang pagsasanay bilang pagsunod sa Presidential Decree 856 at Food Safety Act of 2013, isang aksyon na nagproprotekta sa kalusugan ng mga mamimili at nagpapadali sa pag-access sa merkado ng mga lokal na pagkain.

Ipinakilala rin sa seminar ang mga pagbabago sa industrial hygiene at food safety na ipinatutupad ng Department of Health (DOH) at ng Food and Drug Administration (FDA). Ito ay naglalaman ng mga naaangkop na disenyo ng mga istraktura.

Sa kabilang banda, ipinakilala ni Servil S. Pantinople, health education promotion officer, ang pangkalahatang-ideya at mga konsepto ng Food Safety at GMP at ang iba't ibang uri ng mga panganib sa pagkain; kalusugan ng empleyado, kalinisan, at paghuhugas ng kamay; ang mga pamamaraan ng paglilinis; cross-contamination; at pagkontrol ng peste.

Inilarawan din niya ang mga kinakailangan ng PD 856 "The Sanitary Code of the Philippines" na kinabibilangan ng disenyo at konstruksyon ng gusali; sanitary facility, kagamitan; kontrol sa produksyon at proseso; supply ng tubig at hilaw na materyales; at imbakan at pamamahagi.

Bukod pa rito, pinaalalahanan ni Jasmine Quillope, admin assistant ang paksang pag-iwas sa Dengue na maging mapagmatyag at sundin ang mga tamang hakbang ng pagpuksa sa mga lamok.

Hinikayat ni Elena S. Paraguas, Carabao-Based Enterprise Development coordinator ng DA-PCC sa CMU ang lahat na aktibong lumahok at ibahagi ang kanilang kaalaman sa trabaho pati na rin ang aplikasyon nito sa pang-araw-araw na pamumuhay.

"Ang seminar-workshop ay nakapagbigay sa aming mga kalahok ng mahahalagang kaalaman na kailangan namin sa serbisyo hindi lamang sa lugar ng trabaho kundi sa aming sarili at sa pamilya rin," pagbabahagi ni Mary Fe Montaño, isa sa mga kalahok.






ng reproductive efficiency at pagpaparami ng populasyon ng kalabaw sa ating mga rehiyon," diin ni Dr. Paraguas.

Itinampok ni Dr. Edwin C. Atabay, National AI Coordinator ang Triple "E" strategy para sa pagpapahusay ng pagbubuntis, pagpapatupad ng epektibong programa sa rebreeding, at maagang pagtuklas ng pagbubuntis.

Tinukoy din niya ang layunin ng programa na palakasin ang kaalaman at kasanayan ng AI technicians sa reproductive management upang mapabuti ang AI efficiency.

Binigyang-diin ni Armando Racho, bull loan coordinator ng DA-PCC sa CMU ang halaga ng teknikal na pagsasanay. Binanggit niya na ang mga kalahok ay nagpabuti ng kanilang critical thinking, interpersonal skills, at interpersonal skills.

Aniya, ito ang pangkalahatang strategy upang magampanan ang kani-kanilang mga tungkulin nang epektibo.

"Ang pagsasanay na ito ay magbibigay sa inyo ng lahat ng impormasyon, kaalaman, at kakayahan na talagang mapapakinabangan at makatutulong sa ating mga magsasaka," pahayag ni Racho.

Ibinahagi ni Manny Maglangit, municipal agriculturist ng Naawan, Misamis Oriental, ang kanyang karanasan mula sa pagsasanay. Nasasabik siyang gamitin ang kanyang mga pinag-aralan upang makinabang ang mga magsasaka sa kanilang lugar.

"Sabik akong ibahagi ang mga natutunan ko sa mga magsasaka sa aming munisipyo. Naniniwala ako na ang pagkakataong ito na mayroon ako ngayon ay nagbibigay sa akin ng higit na kumpiyansa na gawin ang aking trabaho bilang isang AI technician dahil sa mga bagong teknolohiyang itinuro," sabi ni Maglangit.

Ang pagsasanay na ito ay pinangunahan ni Dr. Elena Paraguas, training coordinator, kasama ang mga trainor na sina Armando Racho, Ramon Soliven Jr., Ervin Ando, at Ariel Asong, at iba pang tauhan ng DA-PCC sa CMU.

# 2 bagong Dairy Box sa Davao Region, hatid ang mas malawak na carapreneurship sa mga Davaoeño

Nina **Rodolfo T. Valdez Jr**
at **Jesselle Y. Saloc**

***DA-PCC sa USM - Opisyal na binuksan ang dalawang bagong Dairy Box sa Cateel, Davao Oriental, at Sta. Maria, Davao Occidental noong ika-12 at ika-15 ng Marso ng DA-Philippine Carabao Center sa University of Southern Mindanao (DA-PCC sa USM). Ang mga pasilidad na ito ay nagbebenta ng mga produktong gawa mula sa sariwang gatas ng kalabaw mula sa mga lokal na magsasaka.***

Pamamahalaan ng Taytayan Irrigators Farmers Agriculture Cooperative (TIFACO) ang Dairy Box sa Cateel, samantalang ang United CARP Beneficiaries Association Incorporated Multipurpose Cooperative (UNICARBAI) ang mamamahala sa Dairy Box sa Sta. Maria. Bahagi ito ng Accelerating Livelihood and Assets Buildup (ALAB Karbawan) project ng Senate Committee on Agriculture, Food, and Agrarian Reform na pinamumunuan ni Senator Cynthia A. Villar.

Sa isang video message, binigyang-diin ni Senator Villar ang kahalagahan ng pagpapataas ng local milk production upang maging abot-kamay ng kabataan ang masustansyang gatas.

"Ang Dairy Box ay isang kapaki-pakinabang na daan upang maipaabot sa mga tao ang locally produced dairy products mula sa mga local farmers," aniya.
Ayon kay Chairperson Joenil Madani ng TIFACO, aktibong makikipagtulungan ang kanilang kooperatiba sa DA-PCC, USM, at iba pang ahensya tulad ng DSWD, DTI, at Municipal Agriculture Office.

"Ang inisyatibong ito ay makatutulong sa mga bata at magsasaka sa Taytayan," dagdag ni Madani.

Binanggit naman ni DA-PCC Executive Director, Dr. Liza Battad na ang carabao products market ay lumago dahil sa pinagsamang pagsisikap ng mga local chief executives at iba't ibang ahensya ng gobyerno. Dagdag pa niya, ang Dairy Box initiative ay magbibigay ng oportunidad upang mapataas




ang kita ng mga magsasaka ng gatas at mapalakas ang kanilang mga kooperatiba.

Hinamon din ni DA-PCC sa USM Center Director Geoffray R. Atok ang mga key player ng carabao upgrading program na paigtingin ang artificial insemination at bull services.

"Pag may buntis, may gatas! Lahat tayo ay may papel sa pagpaparami ng kalabaw," aniya. Binibigyang-diin ang pagpaparami ng genetically improved dairy buffaloes para sa kapakanan ng mga magsasaka.

Ang dalawang bagong Dairy Box sa Davao region ay dagdag sa tatlong umiiral na mga pasilidad sa Matanao, Davao del Sur; Montevista, Davao de Oro; at Mati City, Davao Oriental.

# Unang sulyap ng ALAB Karbawan sa Agusan Del Norte

Ni **Jeson Candole**

***DA-PCC sa CMU- Nakatanggap ng 56 gatasang kalabaw ang 14 na magsasaka ng Maong Farmers Agricultural Cooperative (MAFCO), sa isinagawang entrustment activity noong Enero 15, 2024 sa Provincial Capitol, Cabadbaran City, Agusan del Norte.***

Bahagi ng province-wide development project ng Accelerating Livelihood and Assets Buildup o ALAB Karbawan ng DA-Philippine Carabao Center (DA-PCC) ang nasabing aktibidad na pinasinaayan at pinondohan ng Office of the Senate Committee on Agriculture, Food, and Agrarian Reform Chairperson Senator Cynthia Villar.

Ibinahagi ni Dr. Lowell Paraguas, center director ng DA-PCC sa Central Mindanao University (DA-PCC sa CMU) ang pangkalahatang-ideya ukol sa proyekto ng ALAB Karbawan. Binanggit niya ang layunin ng proyekto na lumikha ng kabuhayan at mga negosyong nauukol sa mga produktong salig sa kalabaw, partikular sa gatas at karne. Binibigyang-diin niya ang mga benepisyo ng proyekto sa mga kooperatiba at tinalakay niya ang mga oportunidad na may kita sa pamamagitan ng dairy buffalo value chain, partikular na ang pagsu-supply ng mga produktong gatas bilang suporta sa RA 11037 o Masustansyang Pagkain para sa Batang Pilipino Act.

Pinaalalahanan din ni Dr. Elena Paraguas, Carabao-Based Enterprise Development coordinator ng DA-PCC sa CMU ang mga magsasaka na nakatapos ng 34 na linggong pagsasanay ng Farmer Livestock School on Dairy Buffalo Production (FLS-DBP) na gamitin ang kanilang kakayahan at kaalaman sa pag-aalaga sa mga gatasang kalabaw na ipinagkatiwala sa kanila lalo na sa aspeto ng produksyon.

Nagpahayag din si Maria Arceli C. Soria, city agriculture officer ng Cabadbaran City na handa siyang magbigay ng kaniyang buong suporta para sa proyekto.



"Napakaswerte namin dito sa Cabadbaran City dahil napili kami bilang isa sa mga lugar na mabibigyan ng proyektong ALAB Karbawan. Ngayon, isa itong hamon sa amin kung paano mapapalawak at mapapaunlad ang proyektong ipinagkatiwala sa amin ng DA-PCC sa CMU," pahayag ni Soria.

Sa positibong tugon at pangako, ipinahayag ni Liza Parativo, chairman ng MAFCO ang kanyang pasasalamat sa pagkakatoang ibinigay sa kanilang kooperatiba.

Sa kanyang mensahe, inaasahan niya ang pagtutulungan ng bawa't miyembro ng kooperatiba bilang mahalagang kontribusyon sa tagumpay ng proyekto sa Agusan del Norte.

# 'Karabeef' products, ibinida ng BSNMPC sa PCC Luzon anniversary celeb

Ni **Maximo Peralta Jr.**



***DA-PCC sa DMMMSU- Ipinakilala ng Bantog Samahang Nayon Multi-Purpose Cooperative (BSNMPC) ang kanilang ipinagmamalaking "Karabeef" products sa pagdiriwang ng island cluster celebration ng ika-31 anibersaryo ng DA-Philippine Carabao Center (DA-PCC) na ginanap sa Central Luzon State University Multi-Purpose Gym noong Marso 8, 2024.***

Kilala ang karne ng kalabaw sa pagiging tender at juicy. May mababang cholesterol at calories ito at may mas mataas na protina at mineral kaysa sa ibang uri ng karne. Ang kanilang Karabeef products ay may iba't ibang putahe gaya ng bulalo, siomai at dumplings, skinless longganisa, at tapa na may tatlong magkakaibang flavors: original, sweet & spicy, at chili garlic.

Ayon kay Rolly Mateo Sr., chairperson ng BSNMPC, nagsimula ang kooperatiba sa pagproseso ng karne ng kalabaw noong taong 2022 bilang tugon sa mababang presyo ng kanilang mga unproductive na kalabaw.

Dahil sa pasya ng kanilang board of directors sa pamumuno ni Rolly, nakagawa sila ng bulalo, tapa, longganisa, siomai, at dumplings mula sa karne ng kalabaw.

Binigyang-diin ni Rolly na sa pagproseso ng karne ng mga kalabaw, hindi lamang ito nagpapataas ng halaga ng mga hindi produktibong kalabaw kundi nagdaragdag din ito sa kita ng kooperatiba.

Sa tulong ng DA-PCC at Technical Education and Skills Development Authority (TESDA), nagkaroon ng sapat na training ang mga miyembro ng kooperatiba sa pagproseso ng karne ng kalabaw. Tumulong din ang Department of Trade and Industry (DTI) sa packaging ng kanilang mga produkto.

Ang aktibidad ay nagbigay-daan sa mga dumalo para matikman ang iba't ibang produktong Karabeef ng BSNMPC. Kasama sa mga produkto na ibinida sa nasabing pagdiriwang ang PCC Dairy pasteurized milk, lacto juice, yogurt, pastillas, polvoron, macaroons, at silvanas. Kabilang rin ang mga Cara Cuero handbags, shoes, cowboy hats, bifold wallets ng DA-PCC sa CLSU, at ang Daerry's ice cream.

"Kilala ang karne ng kalabaw sa pagiging tender at juicy. May mababang cholesterol at calories ito at may mas mataas na protina at mineral kaysa sa ibang uri ng karne.





*Abangan sa susunod na isyu:*

**Ik-31 anibersaryo ng DA-PCC**

**Cara-Aralan Series: Gabay sa Wastong Pangangalaga ng Gatasang Kalabaw**



# Puklo-puklong benepisyo mula sa negosyong salig sa kalabaw

Ni **Camilla A. Soliman**

***DA-PCC sa CLSU- Kilala ang gatas ng kalabaw sa taglay nitong protina, carbohydrates, enerhiya, at kalsyum na nagbibigay ng maraming benepisyo sa kalusugan at karaniwang ginagamit sa pagtugon sa malnutrisyon ng mga bata.***

Dahil sa pagkilala ni Rabbi David Manlapaz sa mahalagang papel ng gatas ng kalabaw sa pagpapabuti ng kalusugan ng mga Pilipino, naitatag niya ang Puklo Dairy. Sa kasalukuyan may tatlong branches ito sa Porac, Pampanga, at inaasahang itatayo ang kanilang ika-apat na branch sa Angeles, Pampanga.

Bata pa lamang si Rabbi ay namulat na siya sa larangan ng pagkakalabawan. Isang lechera ang kanyang lola na kilala sa pagbebenta ng gatas, habang mayroong kaalaman at kasanayan sa pangangalaga ng kalabaw ang kanyang tito. Bilang naging medical technologist sa New Zealand si Rabbi, nagbigay ito ng natatanging pribilehiyo sa kanyang piniling industriya. Napatunayang mahalaga sa pag-unlad ng Puklo Dairy ang mga naging karanasan at pagiging eksperto sa larangan na ito. Dinarayo ang kanilang pwesto dahil sa masarap at malinamnam na lasa ng kanilang mga produktong gatas ng kalabaw na may tatlong flavors: fresh milk, choco milk, at caffe latte. Mabibili ang kanilang mga produkto sa iba't ibang sizes gaya ng 200ml, 500ml, at 1L.

Sa kasalukuyan, agad ding nakilala at tinangkilik ang kanilang bagong produkto na yogurt na mabibili sa tatlong flavors tulad ng blueberry, strawberry at mango dahil sa hatid nitong sustansiya lalo pa't ang temperatura sa Pilipinas ay patuloy na tumataas.

Bukod sa kanilang kilalang frozen yogurt na gawa sa gatas ng kalabaw, sikat din ang kanilang soft-serve ice cream na mabibili sa iba't ibang sizes tulad ng small, medium, at large. Kanila ring ibinibida ang Puklo-Halo, na siksik sa 13 na sangkap at mainam na pamawi sa init ng panahon.

Para sa mga mahilig sa panghimagas, mayroon silang ube halaya tub, pasti leche, maja blanca tub, maja blanca heart, at maja bilao. Ang mga produktong ito ay patok na patok sa merkado at kinagigiliwan ng mga mamimili.

Sa panagarap na mas makilala at mas lumawak pa Puklo sa iba't ibang establisimyento at malls, nais nilang ipakilala ang kanilang mga keso na gawa sa gatas ng kalabaw.

Nakikipagtulungan sa DA-Philippine Carabao Center at Central Luzon State University (DA-PCC sa CLSU) para sa mga proyekto na may kinalaman sa karne at balat ng kalabaw.

Binigyang-diin din ni Rabbi ang mahalagang kontribusyon ng mga magsasaka sa tagumpay ng Puklo. Isinalaysay niya ang kanyang sariling karanasan sa pag-aalaga ng mga kalabaw at doon niya nakita kung gaano kabigat ang pang-araw-araw na trabaho sa bukid. Ito ang nagtulak sa kanya na itatag ang Puklo na pinangunahan ng kanyang pangako na suportahan ang mga magsasaka.




"Yun lang ang biggest motivation ko, 'yung farmers' kasi without them I cannot make Puklo very big and without them I cannot make Puklo multiply in many branches," aniya.

Bukod dito, ang Puklo ay nagbibigay ng tulong sa komunidad ng mga Aeta sa pamamagitan ng pagbibigay ng pagkakataon na mabigyan sila ng trabaho. Aniya, may likas na kasanayan ang mga aeta sa pag-aalaga ng mga kalabaw. Dahil doon sila rin ay nakatatanggap ng kompetitibong sahod dahil sila ay eksperto at may kahusayan na katumbas rin ng sahod ng kanyang mga empleyado. Inspirasyon niya ang kanyang lola kaya naman naghanap siya ng paraan upang magdala ng modernong teknolohiya at pamamaraan sa industriya ng paggagatas. Layunin niyang ipakilala ang gatas ng kalabaw sa mas bata pang henerasyon pati na rin sa mga nakakatanda. Gamit ang kaniyang mga natutunan sa New Zealand, tiwala siya sa pagtataguyod ng mas malawakang pakikipagtulungan sa loob ng industriya ng pagkakalabawan.

Panagarap din niyang maging isang breeder upang mag-suplay sa mga startups. Bukod dito, layunin ng Puklo na maging isang stock farm upang patuloy na suportahan at magbigay inspirasyon para sa mga carapreneurs at sa mas malalaking sektor ng industriya. Labis din ang kaniyang pasasalamat kay Dr. Ericson N. Dela Cruz sa pag-abot ng kanyang mga layunin. Kinikilala din niya ang pamumuno at inspirasyon na naitulong sa kaniya ng DA-PCC sa CLSU.


## *Patnugutan*

**Patnugot** | ROWENA S. GALANG, MA. CECILIA I. MARIANO
**Tagapamahalang Patnugot** | RONALINE C. CANUTE, TERESE ANN E. PARERO
**Mga Manunulat** RONALINE C. CANUTE, JESON C. CANDOLE, ALCHEM G. DALUNIAG, EVAN JAY SILVERIO, LEINEFE L. ATON, CAMILLA A. SOLIMAN, RODOLFO T. VALDEZ JR., JESELLE Y. SALOC, ARAVILA DEMON
**Layout at Ilustrasyon** REI-MAR D. AGUINALDO
**Tagapamahala sa Sirkulasyon** RONALINE C. CANUTE, TERESE ANN E. PARERO
**Tagapayo** LIZA G. BATTAD

*CaraBalitaan*

Department of Agriculture PHILIPPINE CARABAO CENTER CERTIFIED ISO 9001 | ISO 14001 | ISO 45001

*Ang **CaraBalitaan** ay isang pahayagan ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center (DA-PCC) na inilalathala isang beses kada dalawang buwan para sa mga kliyente nitong magsasakang maggagatas mula sa National at Regional Impact Zones. Naglalaman ito ng mga balita, istorya ng tagumpay, natatanging mga gawain at modernong teknolohiya na may kinalaman sa pag-aalaga at paggagatas ng kalabaw.*


*I-scan ang mga sumusunod na QR code upang makita ang iba pang babasahin ng DA-PCC at mabisita virtually ang DA-PCC National Headquarters at Gene Pool.*

*K-Portal*

*Ang Knowledge Portal o K-Portal ay nagsisilbing e-platform na daluyan ng iba't ibang mga knowledge products mula sa Knowledge Management Division ng DA-PCC.*

*DA-PCC Virtual Tour*

*Maaari naring silipin ang aming National Headquarters at Gene Pool para malaman ang iba't ibang pasilidad at mga serbisyong hatid ng ahensya sa pamamagitan ng isang virtual tour.*